

# The Project Gutenberg eBook of Mahal na Ejercicio ó Devocion nang Pitong Arao na Domingo, by

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Mahal na Ejercicio ó Devocion nang Pitong Arao na Domingo

Translator: Antonio Florentino Puansen

Release date: July 15, 2006 [EBook #18830]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza, and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net> Handog ng Proyektong Gutenberg ng Pilipinas para sa pagpapahalaga ng panitikang Pilipino. (<http://www.gutenberg.ph>)

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK MAHAL NA EJERCICIO Ó DEVOCION NANG PITONG ARAO NA DOMINGO \*\*\*



## MAHAL NA EJERCICIO

ó

### DEVOCION NANG PITONG ARAO NA DOMINGO, NA PINAGCALOGBAN NANG SANTO PAPA NANG INDULGENCIA PLENARIA SA BALANG DOMINGO.

Sa capurihan nang pitong sáquit at pitong ligaya nang  
malualhating Patriarca.

**SEÑOR SAN JOSEF.**

**Tinagalog ni**

# **D. Antonio Florentino Puansen,**

Maestro sa latinidad, at ipinalimbag nğayon nang  
manğa P. P. Recoletos.

**May lubos na capahintulutan**

**MANILA:—1906**

**IMPRESA DE SANTOS Y BERNAL**

**Echagüe 84, (Sta. Cruz.)**

---

## **TALAN NG NILALAMAN**

[JESÚS, MARÍA, Y JOSEF.](#)

[PANALANĜIN NANG PAGSISISI.](#)

[ANTIFONA.](#)

[PANALANĜIN.](#)

[MANĜA PAGNINILAY NA BABASAHIN SA PITONG  
ARAO NA DOMINGO.](#)

[UNANG DOMINGO.](#)

[ICALAUANG DOMINGO.](#)

[ICATLONG DOMINGO.](#)

[ICAAPAT NA DOMINGO.](#)

[ICALIMANG DOMINGO.](#)

[ICAAANIM NA DOMINGO](#)

[ICAPITONG DOMINGO.](#)

[SA UNANG DOMINGO.](#)

[SA ICALAOANG DOMINGO](#)

[SA ICATLONG DOMINGO.](#)

[SA ICAAPAT NA DOMINGO](#)

[SA ICALIMANG DOMINGO.](#)

[SA ICAANIM NA DOMINGO](#)

[SA ICAPITONG DOMINGO](#)

---

## **DON LUIS REMEDIOS,**

**PRESBÍTERO, SECRETARIO DE CÁMARA  
Y GOBIERNO DEL ARZOBISPADO DE MANILA.**

Certifico que á la instancia presentada por Don Antonio Florentino Puansen en solicitud de licencia de impresion, S. E. I. se ha servido decretar lo siguiente:

Manila I.º de Octubre de 1874. Por las presentes y por lo que á Nos toca, concedemos la licencia necesaria, para que pueda imprimirse el manuscrito tagalo titulado ***Mahal na, Ejercicio, ó Devocion nang pitong arao na Domingo:*** en atencion á que de nuestra órden ha sido examinado, y segun la censura no contiene cosa alguna contra el dogma y la moral, y que será muy útil, para promover la devocion ***al Señor San Josef.*** Librese por Secretaría testimonio

de este decreto, y archívese original.—GREGORIO, ARZOBISPO.—Por mandado de S. E. I el Arzobispo mi Señor.—LUIS REMEDIOS.

Y en cumplimiento del preinserto decreto, libro la presente certificacion en Manila, á primero de Octubre de mil ochocientos setenta y cuatro.—LUIS REMEDIOS.



## JESÚS, MARÍA, Y JOSEF.

Ang devoción sa daquilang Patriarca San Josef, ay tumutubó at sumusulong na para nang devoción sa malualhating Virgen María. Natalastas nang manġa tapat na loob na anac ni María, na itong mahal na Ina ay nalulugod sa manġa tanġing galang at puri sa calinis-linisang Esposo niya.

Sinasabi nang marunong at mabait na si Padre Faber, na ang unang dapat tunġuhin nang ating devocion ay si María, at ang icalaua ay si San Josef: at mapatototoohan, na anomang pahayag sa capurihan nitong maloualhating Patriarca, ay nababagay sa manġa ugali at asal nang tunay na pag-cauli nang loob sa Dios.

Naquiquilala natin ang manġa tunay na caibigan, ang manġa tumitinġin, at totoong nagmamasakit sa atin, cun tayo ay pinagcacaloban nġ Dios nang caguinhauahan, ó pinadadalhan cayâ nang manġa hirap at parusa:[1] at sa bagay na ito ay parating inaalaala sa atin nang Santa Iglesia ang manġa misterios nang ligaya at hapis ni Jesús, María, y Josef, sapagcat ang totoong iniibig, ay sinasamahan sa caguinhauahan, at dinadamayan sa hirap: cayâ ang manġa tapat na loob na alipin ni San Josef, ay nauuiuli sa alaala at pagninilay nang pitong sáquit at pitong ligaya nitong daquilang Santo, at minamahal nila ang pinanġanġanlang devocion nang pitong arao na Domingo. sa uicang castilá ay *Siete Domingos*.

Páhiná 6

Itong mariquit na devocion ay minagaling nang manġa Sumos Pontífices, na humalili cay San Pedro sa manġa huling panahong ito, at nilangcapan nila nang manġa mahal na indulgencias, nang mahicayat ang manġa binyagan sa ganoon pagpuri cay San Josef.

Páhiná 7

Ang Sumo Pontífice Gregorio Décimosesto, sa 22 nang Enero nang taon 1836, ay nagcaloob nang 300 arao na indulgencia sa taimtim na pagdadasal nang *pitong ligaya at pitong sáquit* ni San Josef, sa balang isang arao nang Domingo, at isang indulgencia plenaria sa catapusan ó icapito: ang manġa nasabing arao nang Domingo ay dapat magsunodsunod sa loob nang taon, at bahalang pumili ang maghahain nitong devocion.

Ang banal na Sumo Pontífice Pio Nono, sa maninġas na pagsinta sa Virgen María, at sa pagnanasang maquilala, at mahalín saan man ang devocion sa Esposo niyang si San Josef, ay nagcaloob naman nang isang indulgencia plenaria,[2] na macacamtan sa balang isa sa pitong arao na Domingo, at maipatutungcol sa mġa caloloua sa Purgatorio. At inibig pa niya na ang manġa nasabing indulgencias, ay macamtan nġ manġa hindi marunong bumasa, ó ualang maquitaan nang manġa panalanġing nasusulat dito, cun sa balang isang arao nang Domingo, sa pitong pipiliin, ay magdasal sila nang pitong *Ama namin*, pitong *Aba, Guinoong Maria* at pitong *Gloria Patri*. [3] Datapua cailanġang tandaan, na sinoman ang ibig magcamit nang indulgencia plenaria, ay dapat dumulog sa confesión at sa comunió, at dumalao sa isang simbahan, at doon ipanalanġin ang Santa Iglesia ayon sa na sa loob nang Santo Papa. [4]

Páhiná 8

Sa anyayang ito nang manġa Sumos Pontífices, ay nagmadaling gumanti ang manġa

binyagang devotos ni San Josef, at ang camahalan nang manĝa indulgencias, at ang capangyarihan nang manĝa himalang ipinaquita nang Dios, na nauucol sa cagalingan nang manĝa nauiuili sa devoción nang pitong arao na Domingo, at sa pilitang humicayat sa caramihan, at cayâ parating nadadagdagan ang manĝa tumatauag, at humihinĝi nang sarisaring biyaya sa Poon San Josef.

Páhiná 9

Tinagalog co itong munting libro, at dito maquiquita ang manĝa pagninilay at panalanĝing dapat basahin, at dasalin sa balang Domingo, nang magalab alab ang manĝa pusô natin sa pagibig, at pag hinĝi nang aua cay Jesus, María y Josef: at asahan nang sinoman na ipagcacaloob nila ang manĝa biyayang ninanasa natin, cun mararapat sa capurihan nang Dios, at sa cagalinĝan nang caloloua.

Ang pitong arao na Domingo ay dapat magsunod na ualang lactao, at cailan man sumala sa anomang dahilan, ay cailanĝang magsauli sa unang Domingo.

Sa pagcacamit nang manĝa indulgencias plenarias nitong mahal na devocion ó ejercicio, ay mapipili ang manĝa arao nang Domingo, na nauuna ó sumusunod sa manĝa fiestas ni San Josef, [5] ó ang lalong magalinĝin nang isa at isa, ayon sa cailanĝan niya, ó alinsunod cayâ sa utos ó hatol nang Confesor.

Páhiná 10

Taon taon, at cailan man cun ibiguin, ay mabuting ialay sa Santo Patriarca itong mahal na devocion, na parang isang buis, ó tanda nang pagibig at pagquilala sa manĝa biyayang iguinagauad sa atin nang daquilang aua niya, at nang tayo naman ay parating marapat sa caniyang pagcacalinĝa sa buhay na ito, at lalong lalo sa panahon nang pagpanao sa buhay na ito.

*Dadasalín muna ang panalanĝin nang pagsisisi, saca babasahin ang pagninilay, at isusunod ang manĝa panalanĝing nagpapaalaala nang pitong sáquit at pitong ligaya ni San Josef, na ang balang isa ay sasamahan nang, Ama namin, Aba, Guinoong María, at Gloria Patri.*

Sa tanda nang Santa Cruz, † sa manĝa caauay namin † iadyâ mo cami, Panĝinoon namin Dios. † Sa nĝalan nang Ama, † at nang Anac, at nang Espíritu Santo. Amen.

Páhiná 11

## PANALANĜIN NANG PAGSISISI.

Panĝinoon cong Jesucristo, aco ay sumasampalataya, at nananalig sa iyo, at icao ay aquing iniibig lalo sa lahat nang bagay: iniisip co na aco ay sinagana mo nang biyayâ, at aco ay tacsil na hindi marunong gumanti sa iyo, at sa bagay na ito ay naguguló ang aquing loob, at aco ay ualang magaua cundi huminĝi nang tauad sa iyo: caauan mo, Panĝinoon co, itong anac na suail: patauarin mo aco, at tunay na pinagsisisihan co ang lahat cong casalanan, at lalong ibig co ang mamatay sa moling magcasala. Quiniquilala co na hindi dapat sa aquin ang aco ay patauarin; datapua inaasahan co ang biyayang ito alang alang sa manĝa carapatan, at sa pamamaguitan ni San Josef, na naturang ama mo, at siya ang nag alagâ sa iyo. At icao, malualhating Pintacasi co, daquilang Patriarca San Josef, tangapin mo aco, at amponin, at igauad mo sa aquin ang ninĝas nang loob, na cailanĝang igugol sa sandaling ito, nang marapat sa iyo ang iniaalay co sa capurihan mo, at paquinabanĝan nang aquing caloloua. Siya naua, Jesus María, y Josef.

Páhiná 12

*Basahing taimtim sa loob ang PAGNINILAY, at ang salitáng nararapat sa arao, at saca dasalin ang manĝa sumusunod na panalanĝin.*

1. Ó calinislinsang Esposo, malualhating San Josef, na cun gaano ang bagsic nang hapis at casáquitan nang iyong pusô, niyong inisip mo na icao ay dapat humiualay sa calinislinsan mong Esposa, ay gayon din naman ang siglá nang ligaya mo, niyong ipahayag sa iyo nang Angel ang misterio nang pagcacatauan tauo nang Anac nang Dios.

Iniaamo namin sa iyo, alang alang sa sáquit mong ito, at sa humaliling ligaya, na cami ay aliuin mo nĝayon, at sa panahon nang huling pagpanao: igauad mo sa amin ang cailanĝang tulong nang gracia, nang cami ay mabuhay sa cabanalán, at camtan namin ang mamatay na para mo, sa manĝa camay ni Jesus at ni María.

Páhiná 13

*Ama namin, Aba, Guinoong María, át Gloria Patri.*

2. Ó lubhang mapalad na Patriarca, malualhating San Josef, na nagcamit nang mataas na caranĝalan sa pagaalagâ sa Anac nang Dios, na nagcatauan tauo, at icao nĝa ay narapat na naturang Ama niya, cayâ nahapis ang iyong pusô, pagcaquita mo sa Niño Jesus, na ipinanĝanac sa malaquing casalatán, at icao naman ay totoong naligaya sa maririquit na auit nang manĝa Angeles, at sa manĝa casayahán nang mahal at maliuanag na gabi nang panĝanĝanac ni María.

Iniaamo namin sa iyo, pacundanĝan sa sáquit mong ito, at sa humaliling ligaya, na cun cami ay papanao na sa lupa, hinĝin mo cay Jesús na ipagcaloob sa amin ang caniyang bendicion, nang cami ay marapat na maquinig nang masasayang auit nang manĝa Angeles, at camtan namin ang ualang hangang liuanag nang Lanĝit.

*Ama namin, Aba, Guinoong Maria, at Gloria Patri.*

Páhiná 14

3. Ó tunay na ulirán nang pagsunod sa manĝa utos nang Dios, malualhating San Josef, na

pagtuló nang Mahal na dugó nang sangol na Mananacop, niyong siya ay sugatan sa arao nang circuncision, icaualo nang panġanġanac sa caniya, ay lubhang nahapis ang iyong puso, at agad namang naligaya sa catamistamisang nġalang Jesús, na itinauag mo sa caniya.

Iniaamo namin sa iyo, alang-alang sa sáquit mong ito, at sa humaliling ligaya, na matutuhan naming supilin ang masasamáng pita nang catauan, nang cami ay mamatay na payapá, sa taimtim na pagsambit nang catamistamisang nġalan ni Jesús.

*Ama namin, Aba, Guinoong Maria, at Gloria Patri.*

4. Ó pinagpalang Patriarca, malualhating San Josef, na pinayahagan nġ Dios nang manġa misterios nang pagsacop sa tauo, na cun totoong nalumbay ang iyong pusó, niyong marinig mo ang hula ni Simeon, ucol sa mahal na Pasion at pagcamatay ni Jesús, at sa manġa hapis na parang sundang, na macasasaquit sa pusó ni María, ay nagcamit ca naman nġ ligaya, niyong maalaman mo na marami ang magtatamó nang calualhatian sa Lanġit, dahilan sa pagcamatay at moling pagcabuhay ni Jesús.

Páhiná 15

Iniaamo namin sa iyo, pacundanġan sa sáquit mong ito, at sa humaliling ligaya, na cami ay mapaquibilang sa manġa mapalad, na magcacamit nang Lanġit, alang-alang sa manġa carapatan ni Jesucristo, at sa pamamaguitan ni María.

*Ama namin, Aba, Guinoong María at Gloria Patri.*

5. Ó lubhang mainġat na Guardian malualhating San Josef na nag alagá at nagpacain sa Anac nang Dios, na nagcatauan tauo, at nahapis nġa ang iyong pusó, niyong icao ay bumanġon nang hating gabi, sapagcat inutos nġ Dios na si Jesús at si María, ay dalhin mo at itago sa Egipto; dahilan sa pag usig ni Herodes, at malaqui naman ang iyong ligaya, niyong icao ay pumasoc sa Egipto, at naquita mong nabual at nasirá sa harap ni Jesús ang manġa ídolos, na sinasamba nang manġa egipcios.

Páhiná 16

Iniaamo namin sa iyo, alang-alang sa sáquit mong ito, at sa humaliling ligaya, na cami ay lumayóng madali sa manġa panġanib nang pagcacasala, at matutong sumupil at lumaban sa manġa pitang hinguil sa calupaan, na parang manġa ídolos na dapat sirain, nġ cami ay mabuhay na lamang sa pag lilingcod cay Jesus, at cay María, at maihain namin sa canila ang hulíng paghinġa.

*Ama namin, Aba, Guinoong Maria, at Gloria Patri.*

6. Ó masintahing Patriarca, malualhating San Joséf, na naquita mo ang pagcamasunurin sa iyo ni Jesus, Hari nang Lanġit, at icao ay lubhang nabalisa, pangagaling mo sa Egipto, sapagcat humalili sa malupit na Haring Herodes ang anac niyang si Arquelao, at nagcamit ca nang ligaya, niyong sabihin sa iyo nang Angel na icao ay umuá sa Galilea, at mamayang tahimic sa Nazaret, casama si Jesús at si Maria.

Páhiná 17

Iniaamo namin sa iyo pacundanġan sa sáquit mong ito, at sa humaliling ligaya, na iligtas mo cami sa manġa tacot, na nacasisira nang capayapaan nġ loob na ualang sala, nang cami ay mabuhay na tahimic, sa pag-ibig cay Jesús, at cay María, at sa manġa camay nila maihabilin ang manġa caloloua namin sa horas nang camatayan.

*Ama namin, Aba, Guinoong María, at Gloria Patri.*

7. Ó magandang uliran nang cabanalan malualhating San Josef, na dahilan sa pagtirá nang Niño Jesus sa Jerusalem bagaman hindi mo namalayan, at hindi mo casalanan ang nangyaring iyon, icao ay lubhang nalumbay sa tatlong arao na siya ay hinanap mo, at na lubos naman ang iyong ligaya, niyong siya ay maquita mo sa templo sa guitna nang manġa doctores, na naquiquinig, at nagtataca sa cabataan, at carununġan niya.

Páhiná 18

Iniaamo namin sa iyo, alang-alang sa sáquit mong ito, at sa humaliling ligaya, na cami ay tingnan mo at ipanalanġin, nang si Jesús ay huag mauala sa amin cailan man dahilan sa casalanang mortal; at cun mangyari sa amin ang ganoong capahamacan, ihinġi mo cami nang tunay at maninġas na pagsisisi, nang matutuhan naming hanapin, at maquita ang maauaing Jesús: at hinġin mo sa caniya na cami ay patauarin, lalong lalo sa panahon nang pagpanao sa buhay na ito, nang macamtan namin ang calualhatian nang Lanġit, at doon puríhin sa casamahan mo ang auá niya magparating man saan.

*Ama namin, Aba, Guinoong María, at Gloria Patri.*

---

## ANTIFONA.

Sa icatlong puong taon nġ caniyang buhay ang Poon si Jesús, ay napapalagay na anac ni Josef: at si Josef nġani ang pinili nang Dios, na nag alaga cay Jesús at cay María.

Ipanalanġin mo cami, malualhating San Josef.

Nang mapatuloy sa amin ang mġa panġaco ni Jesucristo.

---

Panĝinoon namin Dios, na sa mataas na carununĝan nang iyong pamamahalá, ay pinili mo si San Josef, na naging Esposo nang cabanalbanalan mong Ina: ipagcaloob mo sa amin, yayamang siya ay quiniquilalang Pintacasi, at iguinagalang dito sa lupa, na cami ay tulunĝan nang macapangyarihan pamamaguitan niya sa Lanĝit, na tinatahanan mo, at pinaghaharian casama nang Ama, at nang Espiritu Santo magparating man saan. Amen.

*Ipagdasal nang isang Aba po, Santa María, ang manĝa caloloua sa Purgatorio.*

## MANĜA PAGNINILAY NA BABASAHIN SA PITONG ARAO NA DOMINGO.

### UNANG DOMINGO.

*Sa capurihan nang sáquit at ligaya ni San Josef, niyong mapagmasdan ang cabuntisan ni María, calinislinisang esposa niya.*

Sa Comunion nitong unang Domingo, ay pasasalamatán si San Josef dahilán sa pagtinĝin niya, at paglilingcod cay Jesús, at cay María.

Ang indulgencia plenaria ipatutungcol sa manĝa caloloua sa Purgatorio, na lalong umibig cay San Josef.

*Pagninilay sa unang Domingo.*

Si María at si Josef sa tapat na pagmamahal, at pananatili sa calinisan nĝ pagca Virgen, ay parang dalauang Angeles na nabuhay sa munting bahay, na tinahanan nila sa Nazaret. Datapua niyari nang Dios sa cataoan nang mahal na Virgen ang daquilang misterio nang caniyang auá at capangyarihan, sapagcat ang Espiritu Santo ay nuha sa tian ni María nang caonting dugó, na guinauang catauan nang sangol na lalaqui, at lumalang nang isang mahal na caloloua, na isinama sa cataunang yaon, at inilangcap nĝ Dios Anac ang caniyang Persona sa nasabing cátauan at caloloua, at nayari ang misterio nang ENCARNACION, ó pagcacatauan tauo nang Divino Verbo. Ang himalang ito ay hindi namalayan ni San Josef, at cayá hindi masabi ang caniyang pagtataca, niyong maquita ang cabuntisan nang calinislinisang Esposa niya, na hindi naalaman, cun ano ang nangyari.

Nĝuni sa lagay na iyon, ay hindi ipinahintulot nang Dios na si Josef ay maghinalá nang anoman, laban sa tapat na loob nang Reina nang malilinis na loob. Pinatototohanan ni San Agustin, na sa arao nang Desposorios, pag labas ni María sa templo, ay sinamahan na, at inihatid ni San Josef sa sariling bahay niya, at mula niyon ay napagmasdan ang cabaitan, ang cahinhinan, at ang dalisay na calinisan nang mahal niyang Esposa, at naquita naman na ang bunĝang dala sa tian, ay hindi nacasisirá, cundi bagcus nacadagdag nang ningning at cariquitan nang caniyang pagca Virgen.

At yayamang talastas ni Josef ang nasasabi sa Escritura Sagrada, na dumating na ang panahon nang pagparito nang Mesias, na ipanĝanĝanac nang isang Virgen, ay agad isinaloob na si María ang mapalad na piniling Ina, sapagcat siya ang lalong malinis, at lalong banal sa Vírgenes na lahat, at hindi mapaghihinalaan nang carupucan sa anomang bagay, na laban sa catuiran.

At inisip ni Josef sa malaquing cababaan nang loob niya, at sa hindi mapauing balisa, na hindi dapat sa caniya ang maquisama sa camahalmahalang Virgen, at maturang Esposo nang Ina nang Dios, at minagaling ang umalis, at humiualay sa Reina nang mĝa Vírgenes; datapua sa pagtulong niya, ay naquita ang Angel na sinugó nang Dios, at nanĝusap nang ganito: *Josef, na anac ni David, huag nang manimdim nang anoman sa paquiquisama mo cay María, sapagcat ang bunĝang na sa tian niya, ay gaua at lalang nang Espiritu Santo.* At naguisang na tahimic si San Josef, dahilán sa malaquing ligayang humalili sa lumbay at hapis niya, at laló at lalong minahal at iguinalang si María, na quiniquilalang Esposa, at Ina nang Mesias na Mananacop.

*Dasalin nĝayon ang manĝa panalanĝin nang pitong saquit at pitong ligaya, mula sa pagina. 9 hangan sa pagina 16.*

### ICALAUANG DOMINGO.

*Sa capurihan nang sáquit at ligaya ni San Josef, niyong ipanĝanac ni María sa Belen ang Anac nang Dios.*

Sa Comunion nitong icalauang Domingo, ay pasalamatán si San Josef, dahilán sa manĝa biyayang iguinagauad sa atin nang macapangyarihan pamamaguitan niya.

Ang indulgencia plenaria ipatutungcol sa manĝa caloloua sa Purgatorio, na sadyang nauili sa devocion sa SANTA FAMILIA.

Alinsunod sa utos ni Cesár Augusto, si María at si Josef ay naparoon, at napasulat sa Belen, sa pagcat sila ay manġa tauo nang lahi at angcan ni David, na taga roon, at sa Ciudad na iyon inibig nang Dios na ipanġanac ang Mesias. ¡Anong laqui nang lumbay at hapis ni San Josef, sapagcat ualang ibig magpatuloy sa caniya sa boong Ciudad, at sa pilitang napalual sa bayan, at dinala at ipinasoc si María sa isang yunġib, na quinacanan at sinisilunġan nang manġa hayop! Ang manġa arao na yaon ang lalong maguinao sa loob nang taón, at ang Vírgen María ay nanġanac sa ganoong cahirapan at caguipitan, at inilagay ang mahal niyang sangol sa sabsaban, at siya ang unang sumamba at humalic sa Anac nang Dios, na sa pagca tauo ay anac naman niya.

Páhiná 24

At malaquing ligaya ang humalili sa casaquitan nang pusò ni Josef, sapagcat ang yunġib nang Belen, at ang manġa lupang caratig, ay biglang lumiuang, at lubhang cauliuli ang banġóng humalimuyac, pagsilang nang Mesias: at naquita niya ang pagdating nang maraming Angeles, na nagsasaya at pumupuri sa Dios, at dumalo naman ang manġa pastores, na nag aalaga nang hayop sa manġa nayong yaon, at silang lahat ay paraparang natutuâ, at lumuhod at sumamba sa mahal na Niño.

Binalot ni María ang catamistamisang Anac niya, na nahihigâ sa caonting diaming malamig, quinalong at niyacap nang maninġas na sinta, at iguinuad sa calinislinsang Esposo niyang si Josef, at si Josef ay lumuhod na nagpacababa, tinanggap at quinalong, niyacap at hinagcan ang Dios na sangol, inialay sa caniya ang boong pusò at caloloua, ang buhay at lacas, at moli at moling napasalamat, sapagcat siya ay quiquilalanin, at matuturang Ama nang Anac nang Dios na nagcatauan tauo.

Páhiná 25

Mapalad si Josef, at naquita niya at niyacap ang mahal na Mesias, na pinagbuntuhang hiniġa, at ninasang maquita nang manġa Santos Patriarcas at Profetas: nġuni cun sa hapis nang caniyang pusò ay humalili ang catamisan nang ligaya, ang ligaya niya ay hindi nacapapai nang capaitan nġ hapis, sapagcat ang ligaya at ang hapis niya, ay ualang pinangagalinġan cundi ang pag ibig, at ganoon ang talaga at calooban nang Dios sa caniya.

---

## ICATLONG DOMINGO.

*Sa capurihan nang sáquit at ligaya ni San Josef dahilan sa circuncision ó pagtulo nang dugô nang mahal na sangol, na pinanġalang Jesús.*

Sa Comunion nitong icatlong Domingo, ay hinġin natin cay San Josef ang caniyang mahal na bendición, at ang pagbabalic loob nang manġa caauy nang Santa Iglesia.

Páhiná 26

Ang indulgencia plenaria ipatutungcol sa manġa caloloua sa Purgatorio, na lalong magalinġin nang Dios, dahilan sa tanġing devocion sa camahalmahalang dugó ni Jesucristo.

*Pagninilay sa icatlong Domingo.*

Ang Mesias na naparito, nang maguing ulirán natin sa pagsunod sa manġa utos nang Dios, ay nagtiis nang saquit nang circuncision sa icaualong arao nang panġanġanac sa caniya, at si San Josef ang sumugat nang mahal niyang cataoan, ayon sa sinasabi nang maraming pantas. Dilidilihin natin nġayon ang antac nang hapis ni Josef niyong maquitang tumulô ang dugô nang Anac nang Dios, na natuturang anac niya, at bagaman ang israelitas na lahat ay sumusunod sa ganoon utos, ang pag-ibig nila sa canicanilang mġa anac, ay hindi aabot sa taimtim at laqui nang pag-ibig ni Josef sa tunay na Anac nang Vírgen María, Dios na quiniquilala at sinasamba.

Páhiná 27

Nasactan ang pusò ni Josef sa naquitang dugô, sa narinig na iyac nang mahal na Niño, at sa napagmasdang hapis nang cabanlbanalang Esposa niya; datapua tinutularan si Abrahan, niyong talagang pupugutan si Isaac, at inihain sa Dios Ama ang dugóng tumulô, sa matibay na pananalig na ang dugóng yaon ay mabubuhos na lahat sa Calvario, nang masacop ang sangcatauhan, at natatalastas nġa niya ang sasapiting hirap, at pagcamatay sa Cruz nġ masintahing Anac ni María.

At humalili ang ligaya sa hapis ni Josef, dahilan sa catamisán nang nġalang Jesús, na itinauag niya sa mahal na Niño, alinsunod sa utos nang Dios, na ipinahayag sa caniya nang Angel.

¿Sino ang macapagsasaysay nang puspos na galang pananalig at pág-ibig ni Josef, sa pagsambit nang camahalmahalang nġalan ni Jesús? Ang nġalang Jesús ay capurihan nang manġa Angeles, alio nang nalulumbay, pulót na ualang casing tamis, auit na lubhang mariquit, pagcaing masarap na hindi nacasusuya, mahal na tubig na hangang iniinom, ay lalong napipita, sandatang catacot tacot na mailalaban sa boong Infierno.

Páhiná 28

Hinġin natin cay Jesús ang maninġas na pag-ibig, sa pagsambit nang nġalan niya sa anomang hirap at panġanib, at sa manġa tucso nang Demonio, at lalong laló sa panahon nang pagpanao sa buhay na ito, nang tayo ay magcamit nang magandang camatayan.

---

## ICAAPAT NA DOMINGO.

*Sa capurihan nang sáquit at ligaya ni San Josef, sa misterio nang Purificacion ni María, niyong ihain si Jesús sa templo nang Jerusalem.*

Sa Comunion nitong icaapat na Domingo ihain natin si Jesús sa Dios Ama, ayon sa na sa loob ni María at ni Josef, niyong sila ay pumaroon sa templo.

Ang indulgencia plenaria ipatutungcol sa manga caloloua sa Purgatorio, na lalong nacaragdag at nagpasulong nang devocion cay San Josef.

*Pagninilay sa icaapat na Domingo.*

Páhiná 29

Pinili nang Dios Ama ang mapalad na si Josef, na naturang Ama ni Jesús, at pinagcalooban siya nang tunay at maninǵas na pagibig sa bugtong na ito, na lubhang quinalulugdan. Cayâ niyong si María ay pumaroon sa templo, nang maihain ang Niño Jesús, at maganap ang utos nang Ley ni Moises, ay lubhang nalunusan ang masintahing si Josef, sapagcat narinig doon ang sinabi nang Profeta Simeon, ucol sa madlang hirap at pagcamatay ni Jesús, at sa manǵa hapis na parang sundang na macasasaquit sa pusò nang Virgeng Ina.

Hindi lihim sa bunying Patriarca ang misterio nang mahal na Pasion at pagcamatay ni Jesucristo, yayamang talastas na si Jesucristo ay Dios na nagcatauan tauo, at cusang magpapacahirap at mamamatay, nǵ masacop ang tauo, nǵuni sa panǵunǵusap ni Simeon, ay nanariuá at umantac ang sugat nang pusò at parang naquiquita sa sandaling yaon ang pag usig at pagdaquip cay Jesús, ang manǵa tampal at hampas, ang mǵa tinic na ipuputong, ang mabigat na Cruz, at ang mǵa pacó, at sa catagang sabi, ang casangcapang lahat na gagamitin, sa pagpapasáquit sa caniya.

Páhiná 30

At nalalaman naman ni Josef na si Jesucristo ay mananalo, at moling mabubuhay sa icatlong arao nang caniyang pagcamatay, ay masisirá ang capangyarihan nang Demonio, sapagcat ang tauo ay mahahanǵo sa pagca alipin niya, at marami ang magcacamit nang Lanǵit sa cabagsican nang manǵa carapatang ualang hangan nang Mesias na Mananacop: at sa bagay na ito ay napasalamat sa Dios ang Esposo ni María, at ang hapis nang caniyang pusò ay binihisan nang malaquing ligaya.

Nagpacababa si María, sa pagsunod sa utos na hindi namimilit cundi sa manǵa babaying nauualán nang pagca-virgen, at nagpacababa si Josef, na tumalaga sa calooban nang Dios, niyong ihain sa templo ang mahal na sangol sa icaapat na puong arao nang panǵanǵanac sa caniya.

Tayo naman ay magpacababá at umalinsunod sa calooban nang Dios, nǵ paquinabanǵan natin magparating man saan sa Lanǵit ang mahal na Pasion at pagcamatay ni Jesus.

Páhiná 31

## ICALIMANG DOMINGO.

*Sa capurihan nang sáquit at ligaya ni San Josef, niyang dalhin niya sa Egipto si Jesus at si María dahil sa pag usig ni Herodes.*

Sa Comunion nitong icalimang Domingo hinǵin cay San Josef na ilayô sa atin ang anomang bagay, na nacasisirá ó nacalalamig nang pagibig sa Dios, sapagcat ang ganoong bagay, cun quinauiuilihan, ay parang ídolo nang pusò, na dapat bumagsac at madurog.

Ang indulgencia plenaria ipatutungcol sa manǵa caloloua nang manǵa Misioneros; na nagpaquilala cay San Josef sa manǵa bayang hindi binyagan.

*Pagninilay sa icalimang Domingo.*

Hindí nalaon ang pangyayari nang hulâ nang banal na Profeta Simeon, na si Jesus ay uusiguin, at pagbabantaan nang masamá. Pagcaraan nang ilang arao nǵ paghahain sa caniya sa templo, ay guinising si Josef nǵ isang Angel, at pinagsabihan na siya ay bumanǵong madalí, at dalhin agad sa Egipto si Jesus at si María, sapagca,t, si Jesus ay ninanasang patain ni Herodes, at inutos nitong Haring lilo na pugutan sa Belen ang mǵa sangol, na ualang dalauang taon, at inisip na si Jesus ay maramay sa ganoong patayan.

Páhiná 32

Nalubos ang hapis ni Josef sa biglang pagpanao na ito, sapagca,t, sa cahirapan nang caniyang buhay hindi nacapaghanda nang anoman, malamig ang panahon, mapanganib ang dadaanan, ang Virgen María ay labing anim na taon ang edad, at ilang lingo lamang ang Niño Jesus: ang paroroonan ay lubhang malayó, at bayan nang hindi sumasamba sa Dios na totoo. ¿Macailan cayáng nagutom, at nauhao si María at si Jósef sa paglalacbay na yaon, macailang nabasâ nǵ ulân, na ualang masilunǵan?

Dumating sila sa Egipto sa icalaoang buan nǵ canilang pag lalacád, at pagpasoc doon, ay nalgaya naman si San Josef, sapagca,t, nadamdámán nang mǵa Demonios, na naroon, at nananahán sa manǵa ídolos, na sinasamba nang manǵa egipcios, na si Jesús ay na sa harap nila, at sa hindi matiis ang bagay nang nacapangyayari sa lahat, ay nanǵinig sila at lumayas, at sa bagay na ito ang manǵa ídolos na natutuntong sa batong mármol ó sa quintó, ay nabual at lumagpac, at nadurog na lahat.

Páhiná 33

At natuá naman si Josef sa Egipto, sa paquiquinig nang manǵa unang panǵunǵusap nang



Niño: Jesús, na lubhang guinigulio nang Vírgeng Ina, at siya ay tinatauag na Ama, iguinagalang at minamahal, inaalio at parating pinagpapaquitaan nang loob.

## ICAAANIM NA DOMINGO

*Sa capurihan nang sáquit at ligaya ni San Josef, niyong siya umuí ay sa Nazaret, galing sa Egipto pagcamatay ni Herodes.*

Sa Comunion nitong icaanim na Domingo ipanalanġin sa Dios ang Santo Papa, at hinġin ang cagalinġan nang Santa Iglesia.

Ang indulgencia plenaria ipatutungcol sa manġa caloloua sa Purgatorio, na nagtaglay nang nġalang Josef sa buhay na ito.

Páhiná 34

*Pagninilay sa icaanim na Domingo.*

Pitong taong tumahan sa Egipto si Jesus, María, y Josef, at sila nġani ay parang manġa caauaauang pinapanao sa lupang yaon, at malaqui ang paghihirap nila, at ang casalatán sa manġa bagay na cailanġan sa buhay, uala silang matacbuhan, at ang mġa idólatras na taga roon, ay hindi marunong maauá sa manġa mahirap.

Datapua hindi dumaing, ó nabugnot ang Santo Patriarca, at sa lubos na pagalinsunod sa calooban nang Dios, ay lubhang nacaaliò sa caniya, at sa mahal na Vírgen, ang pag laquí, at ang pag ibig sa canila nang Niño Jesús. Sa lagay na iyon ibinalitá nang Angel ang masamáng pagcamatay nang malupit na Haring Herodes, at pinagsabihan si Josef na huag matacot, at siya ay macauuí na sa bayang pinangalinġan.

Napasalamat sa Dios si Josef, sapagcat natapus ang panahon nang pagtahan sa Egipto, at gaano man ang hirap, ay lumacad na siya, casama si Jesus at si María; datapua nahapis ang caniyang pusó, pagdating sa Judea, at ang dinatnang Hari ay si Arquelao, anac nang lilong si Herodes, at hindi siya tumahimic at naligaya, hangan sa pinagsabihan nang Angel na si Jesus at si María ay dalhin niya sa Galilea, at doon sila tumahan sa Nazaret.

Páhiná 35

Tingnan natin at isaloob cailan man ang panġinġilag ni Jesús sa manġa panġanib, cahit siya ay Dios na nacapangyayari sa lahat, nang tayo ay matutong lumayò at manġilag sa mġa panġanib nang pagcacasala.

## ICAPITONG DOMINGO.

*Sa capurihan nang sáquit at ligaya ni San Josef, niyong si Jesús ay nauala at hinanap, at sa icatlong arao ay naquita sa templo nang Jerusalem.*

Sa Comunion nitong icapitong Domingo ihain ang pusó cay Jesús, María, y Josef, at ticahing gaoin at ialay taón taón itong devocion nang pitong arao na Domingo.

Ang indulgencia plenaria ipatutungcol sa manġa caloloua sa Purgatorio, na sa buhay na ito ay nanatili sa naturang devocion.

Páhiná 36

*Pagninilay sa icapitong Domingo.*

Alinsunod sa ugaling hindi sumasala taón taón, ay dumalao sa templo nang Jerusalem si María at si Josef casama ang Niño Jesús, na ang edad ay labin dalauang taón, at sa pagdalao na ito ay natirá sa templo si Jesús, at hindi namalayan ni María at ni Josef, cundi niyong sila ay dumating sa bahay, at ang mahal na Niño ay uala.

Hindi lubhang catacataca ang nangyaring ito, sapagcat sa panahong yaon ang manġa lalaqui ay nabubucod sa manġa babayi sa loob nang templo, at sa pag lacad naman, at ang manġa batà lamang na para ni Jesús ang nacahahaló, cun saan nila ibig, cayá inisip ni María na si Josef ang casamang umaacay sa Niño, at inisip ni Josef na ang Niño ay hindi lumalayo sa mahal niyang Ina.

Hindi nġa casalanan ó capabayaan ni María at ni Josef, ang pagcauala ni Jesús, cundi calooban nang Dios, nang lalong magninġas, at madalisay ang pag ibig nila. Nalumbay si María, at nabalisa at nahapis si Josef, sa hindi maisip cun ano ang dahilan nang pagcauala ni Jesus, at cun ano ang nangyayari; datapua hindi dumaing, at hindi nasirá ang loob niya, at malaquing ligaya ang quinamtan sa icatlong arao nang pag lalacad casama si María, sapagcat naquita nila sa templo si Jesús, na nacaupò, at naquiquipagsagutan sa manġa pantas, na nagpulong doon, at lubhang nagtatataca sa mataas na carununġan nang batang caharap.

Páhiná 37

Iamó natin sa pamamaguitan ni María at ni Josef, na huag tayong mahulog cailan man sa casalanang mortal, nang huag mauala sa atin si Jesús, at siya ay mapanood sa calualhatiayang ualang hanġan.

*Manġa salitang nagpapaquilala nang malaquing aua at capangyarihan nang Patriarca San Josef sa manġa biyayang nacamtan nang manġa mauilihin loob sa*

Páhiná 38

---

## SA UNANG DOMINGO.

1. Dalaoang religiosos nang órden ni San Francisco, na nag lalayag sa dagat na malapit sa Flandes, ay dinatnan nang caquilaquilabot na samâ nang panahon, at sa dahas nang vaguió, ay tatlong daang tauo ang napahamac sa nasira at lumubog na sasaquián; n̄guni sa auà nang Dios, ang naturang dalaoang religiosos ay nacatanġan sa isang cahoy nang sasaquiáng nabacbac, at sa paninimbulang yaon ay tatlong arao silang lumutang-lutang sa malaquing panġanib, sapagcat cun mauala ang cahoy sa cahinaan nila, ó sa hampas n̄g alon, ay ualang sala ang pag lamon n̄g dagat sa canila. Sa caguipitang iyon ay naalaala nila, at lubos na inasahan ang macapangyarihang tulong ni San Josef, na dating quinauiuilihan nang canilang devocion: nanalanġin sila, at napaampon, at humupâ naman ang hanġin, at humusay ang panahon, at tumahimic ang dagat, at sila ay umasang macaliligtas. At nalubos ang canilang tuá sa pagpapaquita nang isang calugodlugod at mahal na bagon tauo, na bumati sa canila, at nagpalacad na parang piloto sa cahoy na quinalalaguian nila, at sila ay nagcapalad na madalíng sumapit sa lupá. Nagpatirapâ ang dalauang religiosos, at napasalamat sa magandang loob, na nag ligtas sa canila at sa pagpapahayag n̄g tunay na paquilala nang biyayang tinangap ay tinanong nila ang bagontauo, cun sino siya, at ang bagontauo ay sumagót nang ganito: *Aco ay si Josef, cun ibig ninyong gumaua nang caonting macalulugod sa aquin, arao arao huag sumala, ay magdasal cayó nang taimtim sa loob nang pitong Ama namin, at pitong Aba, Guinoong María, alaala at ganti sa pitong sáquit at pitong ligaya, na totoong dinamdang nang aquing pusò at caloloua, niyong aco ay nabubuhay sa lupá, casama ni Jesus at ni Maria.* Pagcapanġusap nang ganoon, ay nauala ang bagontauo, at sila ay lubhang natuâ, at nalubos ang pag ibig nila, at pagnanasang maglingcod, hangang nabubuhay, sa maualhating Pintacasi.

Páhiná 39

Páhiná 40

Sa nangyaring ito ay naquiquita natin ang pagtatapat, at madaling pagtulong ni San Josef sa manġa mauilihin loob sa caniya, cun siya ay tinatauag sa manġa hirap at panġanib, at ang cagandahan nang loob niya sa caonting hinihinġi, bagaman lubhang mahalaga ang ibinibigay, at hindi n̄ga hamac na biyayá ang buhay nang dalaoang Franciscanos, na ininġatan at inagao sa cabagsican nang dagat.

Mahalin natin at harapin ang devocion nang pitong sáquit at pitong ligaya ni San Josef, nang tayo ay marapat magcamit nang auá at tulong nitong macapangyarihang Pintacasi, yayamang ipinahayag niya, at sinabing maliuanag, na siya ay totoong nalulugod sa naturang devocion.

---

## SA ICALAOANG DOMINGO

2. Sinasalita nang Priora nang isang convento, na isang casama niyang monja, na ang edad ay dalaoang puô at ualong taon, at dating malacas at magaling, ay nacaramdam nang saquít sa lalamunan, at pagdaca ay namaus at nauala tuloy ang tinig niya, at umabot ang saquít hangan sa sicmura: at sa parating dinadamdam na malaquing cabigatan, at casiquipán nang dibdib, at licod, ay naquilala nang manġa médicos at ipinahayag nila, na ang saquít nang monja ay na sa dibdib, at ualang gamot na macagagaling. Hindi nasirá ang loob namin sa ganoong hirap, ang uica nang Priora, at cami n̄ga ay dumulog at nanalig sa Poon San Josef, na moli at moling ipinagsiam na arao namin, cahit ualang naquiquitang caguinhauahan. Sa lagay na yaon, sapacat ang monja ay lubhang mahinà, ipinahatid namin sa enfermeria ó silid nang manġa maysaquit ang mahal na larauan ni San Josef, at cami ay umilao sa paghahatid na parang procesion, at minulan namin sa enfermeria ang devocion nang pitong arao na Domingo, na totoong nacalulugod sa Santo Patriarca.

Páhiná 41

